# Ang bilis nilang lumaki.

## Ngayon ang iyong pagkakataon upang hubugin ang kanilang kinabukasan.






**Ang batang nasa kindergarten na mabibilang sa 2020 Senso nitong tagsibol ay magsisimula sa mataas na paaralan sa pagsapit ng susunod na senso sa 2030: Iyon ay 10 taon ng mga gamit sa paaralan, guro, tanghalian sa paaralan, at marami pang iba. Ito ang iyong pagkakataon upang matiyak na mayroon silang magandang kinabukasan.**

Sa ngayon, makikilala ng mga mag-aaral sa buong bansa ang 2020 Senso sa pamamagitan ng programang Estadistika sa mga Paaralan. Nag-aalok ang programang ito ng mga libreng aktibidad at sanggunian sa mga paaralan upang tulungang makapaghanda ang kanilang mga mag-aaral sa mundong higit pang tumutuon sa pangangalap ng data.

Natututunan na ng mga mag-aaral na ang 2020 Senso ay ang bilang ng bawat taong naninirahan sa Estados Unidos at sa mga teritoryo nito. Ang sagot sa senso ay makakatulong sa iyong komunidad na makatanggap ng patas na bahagi nito sa pagpopondo. Ginagabayan ng data ng senso kung paano ipinamamahagi ang higit sa $657 bilyon ng pederal na pagpopondo sa mga estado at komunidad bawat taon para sa mga paaralan, mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan, mga kalsada, transportasyon, mga sentro ng libangan, mga serbisyong panlipunan, at marami pang iba.

**Natututunan na rin ng mga mag-aaral ang mahahalagang bagay na ito tungkol sa 2020 Senso—at nais din naming malaman mo ang mga ito:**

- Simula Marso 2020, dapat nang mabilang ang lahat ng naninirahan sa iyong tahanan. Kabilang dito ang mga bata at bagong silang na sanggol, mamamayan at hindi mamamayan, kamag-anak at hindi kamag-anak, at kahit ang nakikitira sa iyo nang panandalian.
- Mas madali nang tumugon sa senso kaysa dati. Maaari kang tumugon sa 13 magkakaibang wika, at maaari mo itong kumpletuhin online, gamit ang telepono, o sa pamamagitan ng liham.
- Ligtas at protektado ang iyong sagot sa senso. Iniaatas ng batas sa Kawanihan ng Senso ng U.S. na panatilihing kompidensiyal ang iyong impormasyon, at na hindi magagamit ang iyong mga sagot laban sa iyo sa anumang paraan.

**Nasa iyo ang kapangyarihang bigyang-hugis ang iyong kinabukasan, at ang kinabukasan ng lahat ng bata, sa pamamagitan ng pagbilang sa lahat ng nasa iyong tirahan sa 2020 Senso.**

Suriin at alamin kung paano mo maaaring hubugin ang iyong kinabukasan sa **2020CENSUS.GOV/tl**.

Magtamo ng mas marami pang impormasyon tungkol sa programang Estadistika sa mga Paaralan sa **CENSUS.GOV/SCHOOLS**.

STATISTICS IN SCHOOLS

Bigyang hugis ang inyong kinabukasan
MAGSIMULA DITO >

United States® Census 2020